**Part 3: Ang Tungkol sa Tao**

## 3.3 ANG REBELDENG TAO

Sa pagpapatuloy ng ating aralin kilalanin muna natin ang isang mahalagang character sa history of man and the world, ang ahas.

Sa history ng sansinukob, nakalathala sa Isaiah 14 ang nilalaman ng puso ng isang magiting na anghel, ang unang nilalang na kumontra sa Diyos. *Iaangat ko ang aking sarili sa kalangitan; iaangat ko ang aking trono sa ibabaw ng mga bituin ng Diyos; Ilululuklok ko ang aking sarili sa bundok ng kapulungan, sa pinakamatayog na itaas ng bundok na banal. Iaangat ko ang aking sarili sa itaas ng mga ulap; Gagawin ko ang aking sarili na tulad ng Kataas-taasang Diyos.* (Isaiah 14:13-14)

Sa Ezekiel 28 ay nakapaloob ang paglalarawan kung anong uring nilalang ang rebeldeng ito. *Ikaw ang modelo ng walang kapintasan, puno ng karunungan at sukdulang ganda. Naroon ka sa Eden, sa hardin ng Diyos; mamahaling hiyas ang nakaadorno sa iyo. Itinangi kang bantay cherubin. Kasama ka ng mga naglalakad sa banal na bundok ng Diyos. Walang maipipintas sa iyong mga gawi mula ng araw na ikaw ay lalangin hanggang sa sandaling ang kabuktutan ay natagpuan sa iyo.* (Ezekiel 28:11-15)

Sa sobrang dunong ni Satanas nakaya niyang paglalangan ang kanyang sarili. Naniwala siya na siya ay may malayang kalooban na katulad nang sa Diyos na walang makahahadlang.

**TIME OUT**

1. Sino si Satanas?

   ______________________________________________________________

2. Ano ang nilalaman ng puso ni Satanas?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

3. Bakit siya nagrebelde sa Diyos?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| Ang aking alam | Nahulog sa kasalanan ang tao dahil: |
| --- | --- |
| | Ang resulta ng pagrerebelde ng tao sa Diyos ay: |

**PAG-ARALAN:**




Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga tanong.

Genesis 3 Nagkasala ang Tao

Ang ahas ang pinakatuso sa lahat ng hayop na nilikha ng Panginoong Diyos. Isang araw tinanong nito ang babae, "Totoo bang sinabi ng Diyos na huwag kayong kakain ng anumang bungangkahoy sa halamanan? Sumagot ang babae, "Maaari naming kainin ang anumang bunga sa halamanan, huwag lamang ang bunga ng puno na nasa gitna niyon. Sinabi ng Diyos na huwag naming kakainin o hihipuin man ang bunga nito; kung kami raw ay kakain nito, mamamatay kami."

Ngunit sinabi ng ahas, "Hindi totoo iyan, hindi kayo mamamatay! Sinabi lang iyan ng Diyos, sapagkat alam niyang kung kakain kayo ng bunga niyon ay makakaunawa kayo at magiging parang Diyos, malalaman ninyo ang mabuti at masama."

Ang punongkahoy ay napakaganda sa paningin ng babae at sa palagay niya'y masarap ang bunga nito. Naisip din niya na kahanga-hanga ang maging marunong, kaya't pumitas siya ng bunga at kumain nito. Binigyan niya ang kanyang asawa, at kumain din ito. Nagkaroon nga sila ng pagkaunawa matapos kumain. Noon nila nalamang sila'y hubad, kaya kumuha sila ng mga dahon ng igos, pinagtahi-tahi nila ang mga ito at ginawang panakip sa katawan.

Narinig nila Adan at Eba na naglalakad ang Diyos sa halamanan kaya sila ay nagtago. Tinawag sila ng Diyos at ipinaliwanag ni Adan ang dahilan ng kanilang pagtatago. Tinanong sila ng Diyos kung paano nilang nalaman na sila'y hubad. Tinanong rin Niya kung kinain nila ang bungang ipinagbabawal. Pinarusahan ng Diyos ang ahas, si Eba at si Adan. Iginawa Niya ng damit na yari sa balat ng hayop sina Adan at Eba at sila ay pinaalis sa hardin.

- Sino ang pinakatuso sa lahat ng hayop na nilikha ng Diyos?

  ______________________________________________

- Ano ang sinabi ng Diyos sa tao patungkol sa pagkain ng mga bunga sa hardin?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

- Anong sinabi ng ahas kay Eba patungkol sa pagkain ng bunga na nasa gitna ng hardin?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

- Sino ang pinakinggan ng tao?

  ______________________________________________

- Ano ang naging resulta ng pagsuway ng tao sa utos ng Diyos?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

**PAG-USAPAN:**
**Ano ang ibig sabihin ng tunay na kaalaman, katuwiran at kabanalan?**



Nang likhain ang tao, siya ay may tunay na kaalaman - - ang lahat ng kanyang nalalaman tungkol sa Diyos at sangnilikha ay pawang totoo. Siya ay may tunay na katuwiran - - wala siyang kasalanan. At siya ay may tunay na kabanalan - - siya ay binukod tangi ng Diyos para sa layunin ng Diyos.

Dapat nating maunawaan na ang tao at ang anghel ay may kakayahang makapamili (freedom to choose) ngunit ito ay may kalakip na pananagutan at ang Diyos lamang ang may walang makahahadlang na kalooban (free will).


Nang tuksuhin ng ahas ang tao, pinili ng tao na mas paniwalaan ang ahas kaysa sa Diyos. Kaya naman, ang tao ay nahulog sa kasalanan at sila ay nakaranas ng kamatayang espirituwal – ang paghihiwalay ng espiritu ng tao sa espiritu ng Diyos, at lumipas ang marami pang taon bago siya namatay ng pisikal – ang paghihiwalay ng kaluluwa ng tao sa kanyang katawang lupa.

Hindi nawaglit sa isip ni Marie ang offer na trabaho ng lalaki. Si Marie ay nasa hustong gulang na kaya't alam na niya ang tama at mali, mabuti at masama ngunit dahil nangingibabaw ang pagnanais niya na matanggap siya ng kanyang mga kaklase at magkaroon ng kaibigan, naisip niyang hindi iyon mangyayari kung wala siyang pera at kung wala siyang maipagmamalaki sa mga ito. Naisip niyang kailangang umangat ang kanyang materyal na kalagayan kung nais niyang tanggapin siya ng mga nanlalait sa kanya. Kaya't napagdesisyunan niyang tawagan ang lalaki at tanggapin ang trabahong inaalok nito. Sa ilang linggong serbisyo ni Marie sa mga kalalakihang ipinapakilala sa kanya, siya ay nakalikom ng pera kapalit ng kanyang dignidad. Unti-unti, nakakabili nga si Marie ng lahat ng kanyang naisin at dumami rin ang kanyang mga kaibigan. Isang umaga pagpasok si Marie sa eskwelahan, siya ay nagtaka sapagkat siya ay pinagtitinginan ng kanyang mga kaklase at ang mga ito ay nagbubulungan. Narinig niya na tinawag siyang bayarang babae ng ilan sa kanila. Nagulat si Marie sa kanyang narinig. Siya ay napahugolgol at hindi alam ang gagawin dahil sa kahihiyan.

Sa iyong palagay, ititigil kaya ni Marie ang pagiging bayarang babae o itutuloy niya pa rin ito dahil sa pera? Ipaliwanag ang iyong sagot.

______________________________________________

______________________________________________



Ganito ang nangyari kina Adan at Eba. Tinukso sila ni Satanas na magiging katulad ng Diyos na alam ang mabuti at masama. Naakit si Eba sa mungkahi ng diablo at siya ay nagpatangay sa kanyang masamang pagnanasa. Siya ay nagkasala.

Sina Eba at Marie ay hindi nagkakaiba ng sitwasyon. Katulad ng pagkaakit ni Eba sa bunga ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama at kung ano ang maidudulot nito sa kanya, ganoon din naakit si Marie sa paghahangad na magkapera upang maging katanggap-tanggap siya sa kanyang mga kaeskuwela. Hindi naging mabuti ang desisyon nila Eba at Marie. Ang maling desisyon ay nagdulot ng kahihiyan at kapahamakan sa kanila.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Kung ikaw si Marie ano ang iyong gagawin kung ikaw ay makaranas ng ganoong klaseng kahihiyan?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Bakit kailangan mong maging matalino sa paggawa ng desisyon sa iyong buhay?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutuhan ko na | Nahulog sa kasalanan ang tao dahil: |
| | Ang resulta ng pagrerebelde ng tao sa Diyos ay: |

**Verse of the Day:**

Natutukso ang tao kapag siya'y naaakit at nagpapatangay sa kanyang sariling pagnanasa. At ang pagnanasa kapag naitanim sa puso ay nagbubunga ng kasalanan; at ang kasalanan, sa hustong gulang ay nagbubunga ng kamatayan. ***James 1:14-15***